KIDS GOD WORSHIP

www.kidworship.kr

# Pinagaling ni Jesus ang isang Paralitiko

– 6th Story–



36Page

**NAR** Narinig ng mga tao sa bansang Israel na si Jesus ay nagpapagaling ng mga may sakit kaya maraming tao ang pumupunta kung saan Siya nandoon. Isang araw, dumating si Jesus sa isang bayan na tinatawag na Capernaum.

**The Crowd** Jesus Christ Super star!!

**NAR** Sa Capernaum, may nakatirang isang lalaking paralitiko. Dahil sa sakit nyang ito, hindi sya makalalakad. Hindi rin sya makakain ng maayos.

**The Paralytic** Nalulungkot ako. Paano ko makikita si Jesus kung hindi naman ako makalakad?

**Friends** Tutulungan ka namin!



37Page

**NAR** Nagtulung–tulong and apat na kaibigan ng lalaking paralitiko para dalhin sya kay Jesus. Binuhat nila sya nang nakahiga sa kanyang higaan. (Heave–ho! Heave ho!) Buong lakas nilang binuhat ang kanil–ang kaibigan papunta sa bahay kung nasaan si Jesus.



38Page

**NAR** Pero sobrang dami ng tao kaya't hindi nila mailapit ang kanilang kai–bigan kay Jesus. Pati sa pintuan ay hindi rin sila makadaan sa dami ng tao. Kung may pakpak lang sana sila, lilipad na lang sila sa bubong para duon dumaan….

**Friend 1** Pakpak? Bubong? Aha!! Magandang ideya yan!

**NAR** Hmmm… anong ibig mong sabihin?

**Friend 2** Aakyat kami sa bubong!

**NAR** Ano? Aakyat kayo sa bubong?



39Page

**NAR** Naku! Ang magkakaibigan ay umakyat sa bubong ng bahay na kinaro–roonan ni Jesus at nagsimulang gumawa ng butas duon.

**Man 1** Huh! Tingnan nyo!

**Man 2** N–nasisira ang bubong!

**Man 3** Haahhhhh!!

**NAR** Ang lahat ng nasa bahay ay tumingala sa bubong at gulat na gulat. Ti–nalian ng magkakaibigan ang higaan ng lalaking paralitiko at saka siya ibinaba sa tapat ni Jesus.

Kaya ang lalaking paralitiko ay nakalapit kay Jesus.



40Page

N A R Nakita ni Jesus ang pananampalataya ng mga kanyang mga kaibigan. Sinabi Nya sa lalaking paralitiko···

Jesus "Anak, pinapatawad na ang iyong mga kasalanan."
Bumangon ka, damputin mo ang iyong higaan, at umuwi ka na!"

N A R Nang sabihin ni Jesus ito, ang lalaking paralitiko na hindi makalakad ay biglang bumangon at nagpasalamat kay Jesus.

Paralytic Wow! Nakakagalaw na ko! Nakakalakad na ko! Maraming salamat po Jesus! Salamat!!!

N A R Pinuri ng lalaking paralitiko ang Diyos. Binuhat nya ang kanyang higaan at umuwi na. Namangha ang lahat ng nakakita at sila din ay nagpuri sa Diyos.